**PHAVISMINDA Journal**
Volume 21 (2022 Issue)
Pages: 118-154

# Pilosopiyang Pilipino sa Panahon ng Rehimeng Duterte

**Beljun P. Enaya**
Department of Philosophy and Social Sciences
Visayas State University, Baybay City, Philippines
beljun.enaya@vsu.edu.ph

**F.P.A. Demeterio III**
Filipino Department, De La Salle University, Manila, Philippines
feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph

## Abstrak

Ang papel na ito ay isang kritikal na ulat tungkol sa pilosopiyang Pilipino sa panahon ng rehimeng Duterte. Sa pamamagitan ng Google Scholar tinukoy nito ang limang nangungunang Pilipinong pilosopo na sumuri sa nasabing rehimen: sina Christopher Ryan Maboloc, Regletto Aldrich Imbong, Tracy Llanera, Carlito Gaspar at Jude Raymun Festin. Kinilala nito ang nasabing limang pilosopo, at hinimay ang kani-kanilang pangkalahatang paninindigan kaugnay sa nasabing rehimen, isyung tinutukan, pilosopong kabalitaktakan, at pilosopong tinutungtungan. Sinuri din ng papel na ito ang ideolohiyang politikal ng limang pilosopo gamit ang modipikadong spectrum nina Hans Slomp at F.P.A. Demeterio. Naglahad ang papel na ito ng lagom tungkol sa kabuuang boses ng pilosopiyang Pilipino sa ilalim ng nasabing rehimen.

***Mga Susing Salita:*** *Pilosopiyang Pilipino, Kritikal na Pilosopiyang Pilipino, Ideolohiyang Pulitikal*

Sa taong 2003 na sanaysay ni F.P.A. Demeterio na "Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy" ipinakita niya, gamit ang bibliograpiya ng pilosopiyang Pilipino na kinalap ni Rolando Gripaldo, ang naging epekto ng Batas Militar sa kabuuang anyo ng pilosopiyang Pilipino[1]. Tila kinitil ng Batas militar ang kritikal na pamimilosopiya na sumasalungat sa diktaduriyang Marcos, at pinayabong naman ang pamimilosopiya tungkol sa Pilipinong identidad at pananaw sa mundo na sumangayon sa pasistang tunguhin ng nasabing diktaduriya tungkol sa pagpapatatag ng nasyunalismo.[2] Ngayong nakararanas na naman ang bansa ng nanumbalik na bangungot sa mundo ng pulitika, mahalagang masipat kung ano naman kaya ang nagiging epekto nito sa pilosopiyang Pilipino.

Gamit ang search engine na Google Scholar noong ika-21 ng Abril 2021, medyo nagulat ang mga may-akda ng papel na ito na kakaunti lang pala sa mga pilosopong Pilipino ang may dalawa o mahigit pang sanaysay tungkol sa rehimeng Duterte. Ayon sa nasabing search engine, si Christopher Ryan Maboloc ng Ateneo de Davao University ay may pitong sanaysay; tig-tatlo sina Regletto Aldrich Imbong ng University of the Philippines Cebu, at Tracy Llanera ng University of Connecticut; at tig-dalawa naman sina Carlito Gaspar ng Congregation of the Most Holy Redeemer, at Jude Raymun Festin ng Society of the Divine Word. Kapansinpansin na ang kumpol ng mga pilosopo at sanaysay na ito ay may dalawang heyograpikong katangian, Bisaya at diasporiko.

Ang papel na ito ay isang kritikal na ulat tungkol sa pilosopiyang Pilipino sa panahon ng rehimeng Duterte. Kinilala nito ang mga pilosopong sina Maboloc, Imbong, Llanera, Gaspar, at Festin. Hinimay ang kani-kanilang pangkalahatang paninindigan kaugnay sa nasabing

---

[1]F.P.A. Demeterio, "Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy," *Hinogwa: The Holy Rosary Seminary Journal* 8. no. 2 (March 2003): 11.

[2]Demeterio, "Thought and Socio-Politics," 13.

rehimen, isyung tinutukan, pilosopong kabalitaktakan, at pilosopong tinutungtungan. Sinuri din ng papel na ito ang ideolohiyang pulitikal ng limang pilosopo gamit ang modipikadong spectrum nina Hans Slomp at Demeterio.

Mahalaga ang papel na ito sa puntong naglahad ito ng lagom tungkol sa representasyon ng boses ng pilosopiyang Pilipino sa ilalim ng rehimeng Duterte. Mahalagang malaman din ng mga mag-aaral sa pilosopiyang Pilipino kung paano diniskurso ng pangunahing mga pilosopo ang mga katanungan at suliraning dala dala ng nasabing rehimen. Mahalagang maidokumento din ang kabuuang padron ng pananahimik ng pilosopiyang Pilipino sa harap ng gusot pulikal. Pagkakataon din itong maipakita sa mga pilosopong nakabase sa Kalakhang Maynila kung sino ang mga nangungunang kritikal na boses na nagmumula sa sentral at timog na bahagi ng bansa, at pati na mula sa diaspora.

## Metodolohiya

Ang mga pangunahing tekstong nakalap at sinuri ng papel na ito ay ipinapakita sa talahanayan 1:

**Talahanayan 1:** *Mga Pangunahing Tekstong Sinuri*


| Pilosopo | Pamagat ng Papel | Pangalan ng Journal o Publikasyon | Taong Nailathala |
|---|---|---|---|
| **Maboloc** | Situating the Mindanao Agenda in the Radical Politics of President Duterte | Iqra: Journal of the Al Qalam Institute of Islamic Studies | 2017 |
| | The Radical Politics of Nation-States: The Case of President Rodrigo Duterte | Journal of ASEAN Studies | 2018 |
| | Between Radical Politics and Dutertismo: A Reply to Critics | Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy | 2019 |
| | The Predatory State and Radical Politics: The Case of the Philippines | Journal of ASEAN Studies | 2019 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Radical Democracy as the Face of Defiance against Elite Rule | European Journal of Research | 2019 |
| | President Rodrigo Duterte and the Birth of Radical Democracy in the Philippines | International Journal of Politics and Security | 2020 |
| | Fighting the Oligarchs: President Duterte and the Argument against Elite Rule, A Perspective from the Academe | Malim: Southeast Asian Journal of General Studies | 2020 |
| **Imbong** | Duterte and the Deliberative Politics of Peace Building in the Philippines: Prospects and Challenges | Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy | 2018 |
| | Abulad's Post-Machiavelli and his Apology for Duterte | PhAVisMinda Journal | 2019 |
| | The Fascist Regime: The Rise, Development, and Stabilization of Fascism in the Philippines | Security and Democracy: Nexus, Convergence, and Intersections | 2020 |
| **Llanera** | Ethnocentrism: Lessons from Richard Rorty to Randy David | Philippine Sociological Review | 2017 |
| | The Law of the Land has God's Annointing: Rorty on Religion, Language, and Politics | Pragmatism Today | 2019 |
| | The "Sinners" and Victims of Duterte's War on Drugs | New Narratif | 2019 |
| **Gaspar** | The Interface of Social Ethics and Human Rights in the Philippines Today | Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy | 2016 |
| | An Attempt at Dissecting the Presidency of Rodrigo Roa Duterte: A Very Personal View | Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy | 2018 |
| **Festin** | Duterte, Kant, and Philosophy | PhAVisMinda Journal | 2018 |
| | Reality, History, and Interpretation: A Historico-Philosophical Reading of Marcos's and Duterte's Narratives | PhAVisMinda Journal | 2020 |

Para makilala nang mas lubusan ang bawat isa sa limang pilosopong ito, nagsagawa ang mga may-akda ng pakikipanayam sa kanila gamit ang Zoom application at/o kaya email mula ika-2 hanggang ika-9 ng Mayo 2021. Sa pamamagitan ng masusing pagbabasa sa 17 na

sanaysay ng limang pilosopong Pilipino tinukoy ng papel na ito ang kani-kanilang kabuuang paninindigan tungkol sa rehimeng duterte, pati na ang mga isyung kani-kanilang tinutukan, mga pilosopo o intelektuwal na kabalitaktakan kung meron man, at mga pilosopo o pilosopiyang tinutungtungan.

Para makilala ang ideolohiyang politikal ng limang pilosopo, ang kanilang mga sanaysay ay sinuyod gamit bilang lente ang spectrum ni Hans Slomp na may dalawang dimensiyon mula sa kanyang 2000 na librong *European Politics into the Twenty-First Century*[3], at minodipika ni Demeterio sa kanyang 2012 na librong na *Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines.*[4] Ginamit ni Slomp ang klasikong makakaliwa-makasentro-makakanang continuum para sa kanyang x-axis at ang libertaryan-awtoritaryan na continuum para sa kanyang y-axis at ang mga ito ay nagresulta sa isang konstrak na biswal na ipinahahayag sa pigura 1. [5]




**Pigura 1:** Ang Ideolohikal na Spectrum ni Slomp na May Dalawang Dimensiyon


[3]Hans Slomp, *European Politics into the Twenty-First Century,* (Westport, CT: Praeger, 2000).

[4]F.P.A. Demeterio, *Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines: Isang Pag-aaral sa mga Piling Pahayag mula sa Limang Panahon ng Kontemporaryong Eklesiastiko-Politikal na Kasaysayan ng Pilipinas* (Manila: De La Salle University Publishing House, 2012).

[5]Slomp, *European Politics,* 32.

Ang x-axis ni Slomp ay tungkol sa paninindigan tungkol sa kasalukuyan at tungkol sa inaasahang paraan ng pagbabago. Ang mga makakaliwa ay gusto ng mabilisang pagbabago at bukas sa iba't ibang paraan, habang ang mga makakanan ay ayaw sa pagbabago. Ang y-axis ni Slomp ay tungkol sa paninindigan kung alin ang mas mahalaga, ang estado ba o ang indibiduwal. Ang mga libertayan ay nagbibigay ng mas mataas na halaga sa indibiduwal kaysa estado, habang ang mga awtoritaryan ay nagbibigay ng mas mataas na halaga sa estado kaysa indibiduwal.

Ang modipikasyong ginawa ni Demeterio sa konstrak ni Slomp ay ang pagpalit sa x-axis ng mas artikuladong continuum na radikal-liberal-moderato-konserbatibo-reaksiyonaryo. Ang modipikasyong ginawa ni Demeterio ay nagresulta sa isang konstrak na biswal na ipinahahayag sa pigura 2.[6]





**Pigura 2:** Ang Modipikadong Ideolohikal na Spectrum ni Slomp

Ang modipikadong konstrak na ito ay nagdulot ng walong espesipikong ideolohikal na paninindigan: 1) radikal na libertaryan; 2) radikal na awtoritaryan; 3) liberal na libertaryan; 4) liberal na awtoritaryan; 5) moderato; 6) konserbatibong libertaryan, 7)

[6]Demeterio, *Ang mga Ideolohiyang Politikal,* 20.

konserbatibong awtoritaryan, at 8) reaksiyonaryo. Ang mga ito ay biswal na ipinahahayag sa pigura 3.[7]




**Pigura 3:** Ang Walong Espisipikong Ideolohikal na Paninindigan na Dulot ng Modipikadong Konstrak ni Slomp

Ipinaliwanag ang bawat isa sa walong paninindigang ito sa talahanayan 2.[8]

**Talahanayan 2:** *Mga Katangian ng Walong Ideolohikal na Paninindigan*

| Ideolohikal na Paninindigan | X-Axis | Y-Axis | Katangian |
|---|---|---|---|
| **Radikal na Libertaryan** | Radikal | Libertaryan | Ang paninindigang ito ay tumutukoy sa pananaw na pumapabor sa mabilisan at malalimang progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal. |
| **Radikal na Awtoritaryan** | Radikal | Awtoritaryan | Ang paninindigang ito ay tumutukoy sa pananaw na pumapabor sa mabilisan at malalimang progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado. |

[7]Demeterio, *Ang mga Ideolohiyang Politikal*, 20.
[8]Demeterio, *Ang mga Ideolohiyang Politikal*, 20-22.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Liberal na Libertaryan** | Liberal | Libertaryan | Ang paninindigang ito ay tumutukoy sa pananaw na pumapabor sa kalkulado at kontroladong progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal. |
| **Liberal na Awtoritaryan** | Liberal | Awtoritaryan | Ang paninindigang ito ay tumutukoy sa pananaw na pumapabor sa kalkulado at kontroladong progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado. |
| **Moderato** | Moderato | | Ang paninindigang ito ay tumutukoy sa pananaw na dapat timbanging mabuti ang pangangailangan para sa pagbabago at ang mga benepisyo ng kasalukuyang kaayusan. Sa kagustuhang masuring mabuti ang magkabilang panig sa bawat usapin, wala masyadong kabuluhan kung gagawa pa ang pag-aaral na ito ng pagkakaiba ng moderatong libertaryan at moderatong awtoritaryan. |
| **Konserbatibong Libertaryan** | Konserbatibo | Libertaryan | Ang paninindigang ito ay tumutukoy sa pananaw na pumapabor sa kasalukuyang kaayusan habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal. |
| **Konserbatibong Awtoritaryan** | Konserbatibo | Awtoritaryan | Ang paninindigang ito ay tumutukoy sa pananaw na pumapabor sa kasalukuyang kaayusan habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado. |
| **Reaksiyonaryo** | Reaksiyonaryo | | Ang paninindigang ito ay tumutukoy sa pananaw na pumapabor sa isang |

| | | |
|---|---|---|
| | | retrogresibo o paurong na pagbabago. Sa pagnanais balikan ang lumang kaayusan, wala ring masyadong kabuluhan kung gagawa pa ang pag-aaral na ito ng pagkakaiba ng reaksiyonaryong libertaryan at reaksiyonaryong awtoritaryan. |

Bago pa man suriin ng papel na ito ang mga ideolohikal na paninindigan ng bawat isa sa saklaw na limang pilosopong Pilipinong, mahalagang maipakita muna ang ideolohikal na paninindigan ni Duterte at ng kanyang rehimen bilang baseline. Kapag ang y-axis ang pinag-uusapan ng modipikadong spectrum ni Slomp, malinaw ang pagiging awtoritaryan ni Duterte, dahil para sa kanya maaaring isakripisyo ang indibiduwal alang-alang sa estado. Kitang-kita ito sa rumaragasang drug war. Pagdating sa x-axis ng modipikadong spectrum, hindi kasing linaw ang katayuan ni Duterte. Maaaring konserbatibo siya dahil sa kanyang malabong programa sa pagbabago at sa kanyang mga nalusaw nang pangako. Maari ding reaksiyonaryo siya dahil sa kanyang paghatak sa bansa pabalik sa bangungut ng diktaduriya na naranasan nito noong panahon ng rehimeng Marcos, at dahil sa kanyang simplistiko at utopiyang pananaw sa isang mapapayapang lipunan. Lumalabas na ang rehimeng Duterte ay ideolohikal na naninindigan sa pagitan ng konserbatibong awtoritaryanismo at reaksiyonismo.

**Christopher Ryan Maboloc**

Makikita sa talahanayan 1 na si Maboloc ang may pitong sanaysay tungkol sa rehimeng Duterte, ang pinakamarami sa limang saklaw na pilosopong Pilipino. Ang kabuuang paninindigan ng pitong papel na ito ay ang pagbigay suporta sa rehimeng Duterte. Ang mga papel ni Maboloc ay lahat nakatuon sa umanoy radikal na politika ni Duterte na pangunahing

dahilan sa kanyang pagkapanalo bilang pangulo ng bansa at patuloy na popularidad. Mahalagang banggitin na sa email na pakikipanayam na ginawa ng mga may-akda kay Maboloc ipinaliwanag niya na hindi siya sumusuporta sa pagiging presidente ni Duterte, kung hindi nagbibigay paliwanag lamang siya kumbakit antagonistiko ang anyo ng politika sa bansa natin.[9]

Ginamit ni Maboloc ang pilosopiya ng Belhikanang si Chantal Mouffe at ng kanyang Arhentinong kolaborador na si Ernesto Laclau tungkol sa radikal na politika. Iginiit nina Mouffe at Laclau na sa isang demokratikong lipunan hindi naman talaga nangyayari ang lubusang pagkakaintindihan ng iba't ibang panig, at na sa mga kompromisong natatamo sa loob ng lipunang ito ay kadalasang nadedehado ang mga hindi makapangyarihan at marhinalisadong panig. Ang pilosopiya ng radikal na politika na kanilang isinusulong ay isang antagonismong uri ng politika na umaasang mapakilos ang mga dehadong panig para makamtan ang panlipunang transpormasyong inaasahang magbigay lunas sa kanilang matagal nang napabayaang katayuan. Ang pilosopiyang ito ang hiniram ni Maboloc bilang balangkas para maisalarawan na ang uri ng politikang meron si Duterte ay antagonistiko at walang pakialam kung tatanggapin ba ito o hindi ng mga panig na ayaw nito o sa kanya.

Ayon kay Maboloc namobilisa ni Duterte ang mga dating nadedehadong panlipunang pangkat na ito: ang mga Mindanawon sa harap ng imperyal na Maynila; ang mga Pilipinong nadismaya sa mahinang gobyernong ipinamalas ng pangalawang administrasyong Aquino; ang masang Pilipino sa harap ng elitista at predatoryong pamahalaan; at ang mga Bisaya sa harap ng sentral ng pamahalaang kontrolado ng mga Tagalog at mga taga Luzon. Sa mga una niyang sanaysay ay naniwala si Maboloc na magiging substantibo ang

[9] Christopher Ryan Maboloc, email message to author, May 5-8, 2021.

panlipunang transpormasyong isinusulong ni Duterte.[10] Ngunit sa mga huli niyang sanaysay ay nagpapahayag siya na dapat pang magiging seryoso ang kasalukuyang pamamahalaan sa pagpapalakas sa mga pundasyon ng tunay na demokratikong lipunan.[11]

Hindi naging hayag si Maboloc kung sino-sino ang mga pilosopo at intelektuwal na kanyang kabalitaktakan sa kanyang proyektong nagpapaliwanag sa pagkapanalo at patuloy na popularidad ni Duterte. Nabanggit niya si Gaspar, na kilalang kritiko ng kasalukuyang rehimen at isa sa limang pilosopong saklaw ng papel na ito. Nabanggit din niya si Randolf David, isang batikang sosyolohista, pampublikong intelektuwal, at kilalang kritiko din sa kasalukuyang rehimen. Nabanggit din niya siya si Daniel Franklin Pilario, pilosopo, teolohista, at kritiko din sa kasalukuyang rehimen. Gayunpaman, lubusang nirerespeto ni Maboloc ang pananaw ni Gaspar, pati na ang pananaw nina David at Pilario. Batid ni Maboloc na may maraming Pilipinong nasa akademya at kontra sa rehimeng Duterte, at ikinadismaya niyang hindi nila nakikita ang dehadong sitwasyon ng maraming panlipunang panig na ngayon ay nagreresulta sa pamumuno ni Duterte.[12]

Nabanggit na ng papel na ito na nakatungtung si Maboloc sa pilosopiya nina Mouffe at Laclau. Nabanggit na rin ng papel na ito ang marespetong paggamit ni Maboloc sa mga kritikal na sulatin nina Gaspar, David, at Pilario. Bukod sa limang pangalang ito ang mga kasunod ay ginamit din ni Maboloc para maisulong ang kanyang pilosopikal na diskurso: Dionisio Miranda, pilosopo; Wataru Kusaka, dalubhasa sa agham politika; Julio Teehankee, dalubhasa sa agham politika; Nicole Curato, sosyolohista; Benjiemen Labastin, pilosopo; Renato Constantino,

---

10 Maboloc, "Situating the Mindanao agenda," 4; Maboloc, "The radical politics of nation-states," 88; Maboloc, "President Rodrigo Duterte," 129.

11 Maboloc, "The Predatory State," 162-175; tingnan ang, Maboloc, "Fighting the Oligarchs,"173-174.

12 Maboloc, email message.

historyador; Walden Bello, sosyolohista; at Nathan Gilbert Quimpo, dalubhasa sa agham politika.

Taliwas sa radikal na politikang diniskurso ni Maboloc, kapag ang x-axis ng modipikadong spectrum ni Slomp ang pag-uusapan, ang kanyang pitong sanaysay tungkol sa rehimeng Duturte ay malinaw na sumusuporta sa kasalukuyang kalayagan ng bansa. Ibig sabihin ay nasa konserbatibong punto ng x-axis ang mga sanaysay na ito. Ang mahinang pagbanggit ni Maboloc sa pagkukulang ng rehimeng Duterte sa usapin ng pagpapalakas ng mga istraktura ng demokrasya at pati na ang kanyang paliwanag sa email na pakikipanayam na hindi naman talaga siya sumusuporta kay Duterte ay humahatak sa kanyang paninindigan sa moderatong punto ng nasabing x-axis. Kapag ang y-axis naman ang pinag-uusapan, ang nasabing pitong sanaysay ay nananahimik tungkol sa walang habas na pagsasakripisyo ng rehimeng Duterte sa mga indibiduwal na buhay alang-alang sa estado. Kaya maaaring basahin ang mga sanaysay na ito bilang nasa awtoritaryang punto ng y-axis. Mahalagang banggitin na sa email na pakikipanayam ay sinabi ni Maboloc na kontra siya sa mga rumaragasang extra judicial killing. Kaya masasabing ang kabuuang ideolohikal na paninindigan ng pitong sanaysay ni Maboloc ay gumagalaw sa pagiging konserbatibong awtoritaryan at pagiging moderato.

**Regletto Aldrich Imbong**

Makikita sa talahanayan 1 na may tatlong sanaysay si Imbong tungkol sa rehimeng Duterte. Ang kabuuang paninindigan ng tatlong papel na ito ay ang pagkontra at pagbatikos sa rehimeng Duterte. Ang kanyang 2018 na sanaysay ay tumuon sa prosesong pangkapayapaan sa ilalim ng rehimeng Duterte, ang kanyang 2019 na sanaysay pumuna sa pagtangka ni Romualdo Abulad na bigyan ng pilosopikal na katuwiran ang mga rumaragasang extra judicial killing, habang ang kanyang 2020 na

sanaysay naman ay nagsasalarawan sa pagiging pasista ng nasabi nang rehimen.[13]

Sa kanyang sanaysay tungkol sa usapang pangkapayaan sa pagitan ng rehimeng Duterte at National Democratic Front of the Philippines (NDFP), ginamit ni Imbong ang proceduralist na paraan ng Alemang pilosopong si Jürgen Habermas para maipakita ang kahalagahan ng usapang pangkapayapaan at pati na mga problemang bumagabag nito at ang mga dapat pang tugunan ng nasabing rehimen. Ang hidwaan sa pagitan ng dalawang panig ay maaari sanang hilumin ng deliberatibong demokrasya kung saan umiiral ang pagkamatuwiran at pagiging bukas loob para maabot ang pagkakasundo. Sa pagsara ni Duterte sa usapang pangkapayapaan, naipakita nito ang limitasyon ng dulog ng Habermasyanong komunikasyon pati na ang problematikong pamamaraan ng parehong rehimen. Kailangan ng rehimeng matutuhan kong paano hahawakan ang kapangyarihan sa aktuwal na proseso ng deliberasyon.

Si Abulad ay kilala bilang isa sa mga higanteng imahe sa larangan ng pilosopiyang Pilipino at eskperto sa kaisipan ng Alemang pilosopo na si Immanuel Kant. Tatlong taon bago pumanaw si Abulad sa edad na 72 ay may mga panayam at naisulat siyang papel na sumusuporta sa rehimeng Duterte. Ipinakita ni Imbong na hindi siya sang-ayon sa post-Machiavellyanong diskuro ni Abulad at sa kanyang pag-astang apolohista ng rehimeng Duterte. Dito ay ginamit ni Imbong ang pilosopiya mismo ng Italyanong si Machiavelli para usisain ang diskurso ni Abulad. Ayon kay Imbong, simpleng pinapaboran ni Abulad ang pag-gamit ng isang pinuno sa batas at lakas kung saan makikita din ito sa rehimeng Duterte.

---

[13] Regletto Aldrich D. Imbong, "Duterte and the Deliberative Politics of Peace Building in the Philippines: Prospects and Challenges," *Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy* Special Issue (2018): 81-100; tingnan ang, Imbong, "Abulad's Post-Machiavelli and his Apology for Duterte," *PHAVISMINDA Journal* Special Issue (2019): 77–99; tingnan din ang, Imbong, "The Fascist Regime: The Rise, Development, and Stabilization of Fascism in the Philippines," *Philippine Political Science Association* (2020):30-59.

Binatikos ni Imbong ang posisyon ni Abulad sa mga aspektong pangangailangan, hidwaan, at pagtambal ng etika at politika.[14] Sa aspketo ng pangangailangan, kinukwestyon ni Imbong ang pangtanggap ni Abulad sa eksaheradong pagbibigay diin ng nasabing rehimen sa problema tungkol sa druga na hindi naman talaga kailangan ng brutal na solusyon. Kapag patinuin, linisin, at seryosohin lamang ng pamahalaan ang kasalukuyan nitong istraktura at mekanismo ay kayang harapin ang problema tungkol sa druga sa legal at makataong paraan. Sa aspekto ng hidwaan, sa halip na pairalin ang palihan at diyalogo ng iba't ibang panig ng lipunan, mas pinili ng parehong rehimen na iwaksi ang mga demokratikong prosesong ito. Sa aspekto ng pagtambal ni Abulad sa mga usapang etikal at politikal, ipinaliwanag ni Imbong na nagreresulta ito sa pagsantabi sa etikal at pagbigay ng mas matimbang na papel para sa politikal. Ito umano ang dahilan kung bakit humantong si Abulad sa pagmimistulang apolohista ng rehimeng Durterte.

Ang pagsasalarawan ni Imbong sa pagiging pasista ng rehimeng Duterte ay umanoy kakulangan sa naunang pagsasalarawang ginawa ni Bello. Para mapunan ang pagkukulang ni Bello, ginamit ni Imbong ang mga pilosopiya ng Griyegong si Nicos Poulantzas at Ehipsiyong si Samir Amin. Inilahad ni Imbong kung paano tingnan bilang pasista ang rehimeng Duterte habang umiiral ang karahasan at krisis na dulot nito. Ayon kay Imbong, nagsimulang lumutang ang pagkapasista ng nasabing rehimen noong itinigil ni Duterte ang diyalogo sa pagitan ng pamahalaan at ng mga makakaliwang pangkat. Tuluyang umiral naman ang pagiging pagkapasista ng parehong rehimen nang hagayan nitong tinahak ang hindi makademokratikong sistema ng pamamahala. Para kay Imbong isulong ng mga Pilipino ang mga prinsipyo ng demokrasya at labanan ang imperyalistang pamamalakad para masugpo ang namamayani ngayong pasismo at neoliberalismo.

[14] Imbong, "Abulad's Post-Machiavelli," 95.

Malinaw sa diskusyon ng papel na ito ang mga kabalitaktakan ni Imbong ay ang mga Pilipinong pilosopo at intelektuwal na sina Abulad at Bello. Masusing binatikos ni Imbong ang pagbigay katuwiran ni Abulad sa rumaragasang extra judicial killing, habang pinunan niya ng artikulasyon ang sinulat ni Bello tungkol sa pagiging pasista ng rehimeng Duterte. Ang mga pilosopo at intelektuwal na tinungtungan niya sa pagsuri sa nasabing rehimen ay sina: Festin; Habermas; Poulantzas; Amin; Giorgio Agamben, pilosopo; Alain Badiou, pilosopo; Quimpo; at Machiavelli.

Sa pakikipanayam ng mga may-akda kay Imbong, inamin niyang naging biktima na siya ng red-tagging dahil sa kanyang aktibismo.[15] Kapag ang x-axis ng modipikadong spectrum ni Slomp ang pag-uusapan, ang tatlong sanaysay ni Imbong tungkol sa rehimeng Duterte ay malinaw na hindi sang-ayon sa kasalukuyang kalayagan ng bansa, ngunit nagnanais ang mga itong baguhin ang kasalukuyang kalagayan sa matiwasay na proseso. Makakaliwa man ang simpatiya at may materyalistikong tono man ng pagsusuri ang mga papel na ito, hindi pa rin maihahanay ang mga sinulat in Imbong sa radikal na punto ng x-axis ng nasabing spectrum. Ibig sabihin ay nasa liberal na punto ng x-axis ang kanyang tatlong sanaysay. Kapag ang y-axis naman ang pinag-uusapan, ang nasabing tatlong sanaysay ay malinaw namang kumukontra sa walang habas na pagsasakripisyo ng rehimeng Duterte sa mga indibiduwal na buhay alang-alang sa estado. Ibig sabihin ay nasa libertaryang punto ng y-axis ang tatlong sanaysay na ito. Kaya masasabing ang kabuuang ideolohikal na paninindigan ng tatlong sanaysay ni Imbong ay liberal na libertaryan na kumukontra sa reaksiyonaryo o konserbatibong awtoritaryanismo ng rehimeng Duterte.

[15] Imbong, email message to author, May 8, 2021.

**Tracy Llanera**

Makikita sa talahanayan 1 na si Llanera ang may tatlong sanaysay tungkol sa rehimeng Duterte. Ang kabuuang paninindigan ng tatlong papel na ito ay ang pagpuna sa ilang aspekto ng rehimeng Duterte. Ang kanyang 2017 na sanaysay ay nagbanggit sa egotismo ng populismong umusbong sa ilalim ng imahen ni Duterte, habang ang kanyang dalawang 2019 na sanaysay ay pumuna sa implikasyon sa demokratikong diskurso ng paggamit ng ilang militanteng Kristiyano ng relihiyosong wika sa kanilang pagbigay katuwiran sa rumaragasang giyera kontra druga ng rehimeng Duterte.[16]

Ang pagbanggit ni Llanera sa egotismong umusbong sa ilalim ng imahen ni Duterte ay nakabatay sa kanyang pagninilay tungkol sa problematikong konsepto ng etnosentrismo sa pilosopiya ng Amerikanong si Richard Rorty. Dahil si Rorty ay naniniwala na ang mundo at wika ay wala nang epistemolohikal na ugnayan at na ang katotohanan ay wala nang ontolohikal o metapisikal na pundasyon, ang nagiging implikasyon nito sa usapin ng moralidad at sistema ng pagpapahalaga ay ang pagiging relatibo ng mga ito sa parametro ng isang lipunan o kultura. Ito ang ibig sabihin ng etnosentrismo sa pilosopiya ni Rorty at ito ay binatikos ng ilang kritiko ni Rorty dahil umanoy nangangahulugan ito sa kawalan ng saysay ng diskursong pangmoralidad o diskursong may kinalaman sa sistema ng pagpapahalaga kapag ang mga ito ay tumatawid na mula sa isang parametro ng lipunan o kultura papunta sa ibang parametro. Gayunpaman, iginiit ni Rorty na posible pa rin ang

[16] Tracy Llanera, "Ethnocentrism: Lessons from Richard Rorty to Randy David," *Philippine Sociological Review* 65 (2017): 133-149, Accessed April 24, 2021, http://www.jstor.org/stable/45014312; tingnan ang, Tracy Llanera & Marvinne de Guzman, "The "Sinners" and Victims of Duterte's War on Drugs," New Naratif, October 5, 2019, https://bit.ly/3wvGlvq; tingnan din ang, Llanera, "'The Law of The Land Has God's Anointing'— Rorty On Religion, Language, And Politics," *Pragmatism Today* 10, no. 1 (2019): 46-61, https://bit.ly/3fFW2tp.

diskursibong pagtawid sa pagitan ng mga etnosentrikong parametro ng mga usaping may kinalaman sa moralidad at sistema ng pagpapahalaga.

Dito pumasok si Llanera, bilang dalubhasa sa pilosopiya ni Rorty, sa pamamagitan ng paghalad ng paliwanag na ang pinuna ng mga kritiko ni Rorty ay isang bersiyon ng lamang ng etnosentrismo, ang tinatawag niyang egotistikong etnosentrismo na sarado sa pagkamalikhain at panlipunang transpormasyon. Gamit ang mga naisulat na panlipunang kritisismo ni David, na isa ring dalubhasa sa pilosopiya ni Rorty, iminungkahi ni Llanera na ang konsepto ng egostistikong etnosentrismo ay may malaking potensiyal bilang lente sa pagsusuri ng ilang aspekto ng kasalukuyang mundo ng mga Pilipino, at kasama dito ang populismo ng mga tagasuporta ng rehimeng Duterte.

Ang pagpuna ni Llanera sa implikasyon sa demokratikong diskurso ng paggamit ng ilang militanteng Kristiyano ng relihiyosong wika sa kanilang pagbigay katuwiran sa rumaragasang giyera kontra druga ay nakabatay sa kanyang pagninilay tungkol sa papel ng relihiyosong wika sa demokratikong diskurso sa pilosopiya ni Rorty. Para kay Rorty ang relihiyosong wika ay isang balakid sa demokratikong diskurso, dahil kapag ipinasok na sa usapan ang Diyos at kung ano pa mang relihiyosong prinsipyo ay kaya mga itong patigilin ang politikal na palihan ng magkakaibang panig. Sa epistemolohiya ni Rorty, walang saysay ang mga relihiyosong elemento sa palihan dahil hindi maaaring bigyan ng pruweba o kontra-pruweba ang mga ito. Tanggap ni Llanera ang ganitong prinsipyo sa pilosopiya ni Rorty. Pero sa pamamagitan ng kanyang pagmunimuni sa papel nina Jayeel Cornelio at Erron Medina tungkol sa sabwatan ng relihiyosong wika ng ilang militanteng Kristiyano at sa rumaragasang giyera kontra druga naglahad si Llanera ng karagdagang artikulasyon sa nasabing prinsipyo sa pamamagitan ng pagtukoy sa panganib na maaaring maidulot ng relihiyosong wika sa demokratikong diskurso.

Walang malinaw na pilosopo o intelektuwal na naging kabalitaktakan si Llanera lalo na tungkol sa usapin ng rehimeng Duturte. Ang mga pilosopo at intelektuwal na tinungtungan niya sa pagsuri sa nasabing rehimen ay sina: Rorty; David; Curato; Cornelio, sosyolohista; Medina, dalubhasa sa agham politika; at Jose Lacaba, mamahayag at makata.

Kapag ang x-axis ng modipikadong spectrum Slomp ang pag-uusapan, ang tatlong sanaysay ni Llanera tungkol sa rehimeng Duterte ay malinaw na hindi sang-ayon sa kasalukuyang kalagayan ng bansa, ngunit dahil kosmopolitan at akademiko masyado ang tono ng pamimilosopiya ng mga sanaysay na ito hindi masyadong naihayag ang inaasahang landas at paraan ng pagbabago. Ibig sabihin ay nasa moderatong punto ng x-axis ang mga sanaysay na ito. Ang kosmopolitan at akademikong tono ni Llanera dito ay bunsod sa kanyang diasporikong katayuan. Sa kanyang tatlong sanaysay ang mga pangunahin kausap niya ay mga kosmopolitan din na mga dalubhasa sa pilosopiya ni Rorty, at hindi naman talaga mga indibiduwal na may interes sa pilosopiya at politikang Pilipino. Kapag ang y-axis naman ang pinag-uusapan, ang nasabing tatlong sanaysay na lubog sa kaisipan ni Rorty ay kontra sa anumang uri ng awtoritaryanismo. Ibig sabihin ay nasa libertaryang punto ng y-axis ang mga sanaysay na ito. Kaya masasabing ang kabuuang ideolohikal na paninindigan ng tatlong sanaysay ni Llanera ay moderato at taliwas sa reaksiyonaryo o konserbatibong awtoritaryanismo ng rehimeng Duterte.

**Carlito Gaspar**

Makikita sa talahanayan 1 na may dalawang sanaysay si Gaspar tungkol sa rehimeng Duterte. Ang kabuuang paninindigan ng dalawang papel na ito ay ang pagkontra at pagbatikos sa rehimeng Duterte. Ang kanyang 2016 na sanaysay ay tumutok sa ugnayan ng mga extrajudicial killing at

etikang Pilipino, habang ang kanyang 2018 na sanaysay naman ay tumutok sa paggagap sa uri ng pamumunong meron si Duterte.[17]

Ang diskurso ni Gaspar tungol sa mga extrajudicial killing at etikang Pilipino ay nag umpisa sa isang retorikal na pagtataka kumbakit kahit nalampalasan na ng rehimeng Duterte ang bilang ng casualty ng rehimeng Marcos ay patuloy pa ring mataas ang kanyang approval rating. Retorikal ding itinanong ni Gaspar kumbakit tila binalewala ng mga Pilipino ang kasalukuyang patayan kahit kilala ang sangkatauhang ito sa kanilang pagiging relihiyoso. Wala bang naging epekto ang daandaang taong pagiging Kristiano o Muslim ng mga Pilipino sa kanilang respeto sa buhay at karapatang pantao? Inamin ni Gaspar na meron ngang tendensiya ang mga Pilipinong ihiwalay ang diskurso ng relihiyon at diskurso ng etika, at ito daw ay nakaugat sa mga katutubong relihiyon ng mga Pilipino.

Pero kahit hindi relihiyoso ang takbo ng etika ng mga Pilipino, hindi nangangahulugang walang etikal na pag-iisip ang mga Pilipino. Ang mga katutubong lipunan ay may etikal na pamantayan at nakabatay ito sa kanilang pakikitungo at pakikipagkapwa sa isa't isa. Kahit hindi relihiyoso ang etika ng mga Pilipino, taglay pa rin nito ang konsepto ng karapatang pantao. Kaya hindi matatanggap ni Gaspar ang pagdadahilan ni Duterte at kanyang mga tagasuporta na ang usapin tungkol sa karapatang pantao na pangunahing binabanggit na prinsipyo laban sa mga rumaragasang extra judicial killing ay isang kanluraning konsepto na tila nanghihimasok lamang sa Pilipinong kamalayan. Ang ibig sabihin ni Gaspar ay mahalaga ang usapin ng karapatang pantao at hindi dapat tumigil ang mga Pilipino sa pagbanggit nito sa harap ng kawalan ng respeto ng rehimeng Duterte sa halaga ng buhay ng tao.

---

[17] Karl Gaspar, "The Interface of Social Ethics and Human Rights in The Philippines Today," *Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy* 2, no. 1 (2016): 1-31; at, Gaspar, "An Attempt at Dissecting the Presidency of Rodrigo Roa Duterte: A Very Personal View," *Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy* (2018): 1-30.

Ang diskurso ni Gaspar tungkol sa uri ng pamumuno ni Duterte ay binalangkas gamit ang tatlong panukat: ang katutubong modelo ng pamumuno ng mga datu, matikadeng, fulong at lukes; ang transpormatibong modelo ng pamumuno; at ang modelo ng haring pilosopo ni Platon. Sa unang panukat, sinipat ni Gaspar ang pamumuno ni Duterte ayon sa ilang pangunahing elemento ng pamumuno ng mga sinauna at pati kasalukuyang datu, matikadeng, fulong at lukes ng Mindanao: 1) may kapasidad si Duterteng resolbahin ang mga tensiyon at hindi pagkakaintindihan?; 2) naging modelo ba siya ng mabuting asal, tulad ng pagiging responsable at kagalanggalang?; 3) isinaalang-alang ba niya ang kapakanan ng sambayanan?; 4) siya ba ay katiwa-tiwala at may puso para sa kapayapaan?; 5) may talas ba ang kanyang isipan para masilayan ang mga pangyayari sa tamang pagtingin at para matugunan ng wasto?; 6) may kakayahan ba siyang ihayag ng tama ang kanyang mga naiisip?; at 7) bukas ba siya sa tulong at suhestiyon ng ibang pinuno sa mga pagkakataong hindi na niya kayang lutasin ang isang problema? Ikinalungkot ni Gaspar na nagkulang si Duterte kapag ang panukat ng katutubong pamumuno ang ipinataw sa kanya. Sinabi ni Gaspar na mas kahawig ni Duterte ang katutubong imahen ng pusong kaysa imahen ng datu, matikadeng, fulong at lukes.

Sa pangalawang panukat, sinipat ni Gaspar ang pamumuno ni Duterte ayon sa ilang pangunahing elemento ng transpormatibong pamumuno: 1) itinaguyod ba niya ang kamalayan para sa mga batayang moral?; 2) isinulong ba niya ang mga mahalagang priyoridad?; 3) hinimok ba niya ang kanyang mga tagasunod na tumingin lampas sa mga makasariling interes patungo sa pangkalahatang kabutihan?; 4) ipinalaganap ba niya ang kooperasyon at harmoniya?; 5) ginamit ba niya ang mga awtentiko at konsistent na pamamaraan?; at 6) nakabatay ba ang kanyang pakikipagdiskusyon sa tamang rason? Muling ikinalulungkot ni Gaspar na nagkulang pa rin si Duterte kapag ang panukat ng transpormatibong pamumuno ang ipinataw sa kanya. Ang mas angkop

na modelo para sa kanyang uri ng pamumuno ay ang laissez-faire, paternalismo, awtokratismo, transaksiyunal, at hindi demokratiko.

Sa pangatlong panukat, sinipat ni Gaspar ang pamumuno ni Duterte ayon sa dalawang manipestasyon ng haring pilosopo: ang pagiging benebolenteng pinuno at ang pagiging tirano. Nagpasya si Gaspar na mas tirano ang manipestasyon ni Duterte kaysa benebolenteng pinuno. Ang kamay na bakal na dapat sanang pampuksa sa krimen at katiwalian sa pamahalaan ay ngayong inihahampas sa mga mamamayan at kritiko.

Walang malinaw na pilosopo o intelektuwal na naging kabalitaktakan si Gaspar maliban kina Lee Kuan Yew ng Singapore at Duterte mismo na parehong nagbanggit na ang karapatang pantao ay isang kanluraning konsepto na tila nanghihimasok lamang sa pamamahalang Asyano o Pilipino, at maliban na rin sa mga tagasuporta ni Duterte na kilala bilang mga DDS (Diehard Duterte Supporters) na naniniwala pa rin sa pagbabagong ipinangako ni Duterte. Sa kanyang pagsipat kay Duterte gamit ang modelo ng haring pilosopo, naghinala ang mga may-akda ng papel na ito na si Gaspar ay nakipagbalitaktakan sa isang 2017 na sanaysay na may pamagat na "Rodrigo Duterte's Leadership through the Lens of Plato's 'Philosophy King'," na isinulat nina April Dan Borromeo, Asisclo Abonado III, at Raymundo Pavo tungkol sa pagiging alkalde ng Lungsod ng Davao ni Duterte.[18] Ngunit sa pakikipanayam ng mga may-akda kay Gaspar ay ipinaliwanag niyang hindi niya alam ang publikasyong ito.[19]

Ang mga pilosopo at intelektuwal na tinungtungan ni Gaspar sa kanyang pagsuri sa rehimeng Duterte ay sina: Charles MacDonald,

---

[18] R. R. Pavo, Asisclo Iii M. Abonado, and April Dan S. Borromeo, "Rodrigo Duterte's Leadership through the Lens of Plato's 'Philosophy King,'" *ARETE* 5, no. 1 (2017), 29, http://ejournals.ph/form/cite.php?id=13778.

[19] Karl Gaspar, Zoom Conference Interview by Beljun P. Enaya & F.P.A. Demeterio, May 6, 2021.

antropolohista; David; Michael Tan, antropolohista at pampublikong intelektuwal; Melba Padilla Maggay, antropolohista at aktibista; Vicente Rafael, historyador; Emilio Jacinto, general, rebolusyunaryo, at pambansang bayani; at Platon, pilosopo.

Kapag ang x-axis ng modipikadong spectrum ni Slomp ang pag-uusapan, ang dalawang sanaysay ni Gaspar tungkol sa rehimeng Duterte ay malinaw na hindi sang-ayon sa kasalukuyang kalayagan ng bansa, at nagnanais baguhin ito sa matiwasay na proseso. Ibig sabihin ay nasa liberal na punto ng x-axis ang dalawang sanaysay na ito. Kapag ang y-axis naman ang pinag-uusapan, ang nasabing dalawang sanaysay ay malinaw namang kumukontra sa walang habas na pagsasakripisyo ng rehimeng Duterte sa mga indibiduwal na buhay alang-alang sa estado. Ibig sabihin ay nasa libertaryang punto ng y-axis ang dalawang sanaysay na ito. Kaya masasabing ang kaubuuang ideolohikal na paninindigan ng dalawang sanaysay ni Gaspar ay liberal na libertaryan na kumukontra sa reaksiyonaryo o konserbatibong awtoritaryanismo ng rehimeng Duterte.

**Jude Raymun Festin**

Makikita sa talahanayan 1 na may dalawang sanaysay si Festin tungkol sa rehimeng Duterte. Ang unang sanaysay niya ay naisulat habang Provincial Superior pa lamang siya, habang ang pangalawang sanaysay ay naisulat noong sa Roma na siya nakabase. Kaya maaaring tingnan si Festin bilang kasama sa kumpol ng mga Bisayang pilosopo at boses na nagmula sa diaspora. Ang kabuuang paninindigan ng dalawang papel na ito ay ang pagkontra at pagbatikos sa rehimeng Duterte. Ang kanyang 2018 na sanaysay ay tumutok sa nabanggit nang pagtangka ni Abulad na bigyan ng pilosopikal na katuwiran ang mga rumaragasang extra judicial killing, habang ang kanyang 2020 na sanaysay ay tumutok naman sa rebisyonismong naratibo tungkol sa diktador na Marcos na suportado ng kasalukuyang rehimen at binibigyan ng postmodernistang

katuwiran ni Ranhilio Aquino, at pati na sa pagbibigay ng pilosopikal na katuwiran ni Maboloc sa patuloy na popularidad ni Duterte.[20]

Kasama ni Festin si Abulad bilang kasapi ng Society of the Divine Word, at ang polemikong diskurso ni Festin laban sa tila pagbibigay katuwiran ni Abulad sa mga nangyayaring extra judicial killing ay nakatuon sa sanaysay na "Why President Duterte Could be Correct" na nailathala sa newsletter na *King's Clarion*.[21] Ang pagiging masinsin at mabusisi ni Abulad sa paghimay ng mga pilosopikal na teksto ay pinantayan ni Festin sa paghimay sa kanyang maka-Duterteng sanaysay. Sina Santo Tomas de Aquino, Kant, Friedrich Nietzsche ang mga pilosopong tinungtungan ni Abulad. Walang nakitang problema si Festin sa diskurso ni Abulad tungkol sa mabuting kalooban (good will) ni Kant. Ang pinuna ni Festin ay biglang paghugot ni Abulad sa teorya ng transbalwasyon ng mga sistema ng pagpapahalaga (values) ni Nietzsche. Ipinaliwanag ni Festin na may mga sistema ng pagpapahalaga na hindi magbabago sa harap ng teorya ni Nietzsche, katulad ng pagiging masama sa pagkitil ng inosenteng buhay. Kinontra din ni Festin ang paggamit sa doktrina ng depensa sa sarili ni de Aquino bilang pangkalahatang katuwiran sa mga napatay na umanoy nanlaban. Ang doktrina ng depensa sa sarili ay hindi tungkol sa pagpatay ng kalaban kung hindi tungkol sa proteksiyon ng sariling buhay. Hindi ito magagamit kung ang utos mula sa itaas ay patayin ang mga durugista.

Si Aquino ay isa ring respetadong imahen sa larangan ng pilosopiyang Pilipino at sa larangan ng pag-aaral ng batas, at isang pari mula sa Arkidiyosesis ng Tuguegarao. Sa kanyang pagbigay ng katuwiran sa kagustuhan ni Duterte na mailuklok ang labi ng diktador na Marcos sa

---

[20] Raymun J. Festin, "Duterte, Kant, And Philosophy," *PHAVISMINDA Journal* 16 & 17 (May 2018): 61-96; Festin, "Reality, History, and Interpretation: A Historico-Philosophical Reading of Marcos's and Duterte's Narratives," *PHAVISMINDA Journal* 19 (2020): 1-56.

[21] Romualdo Abulad, "Why President Duterte Could be Correct," *King's Clarion* (Christ the King Seminary, Quezon City: June 2016-2017).

Libingan ng mga Bayani, ginamit ni Aquino ang pilosopiya ni Jean-François Lyotard tungkol sa tunggalian ng mga munti at dambuhalang naratibo. Umapela si Aquino ng espasyo para marinig naman ang umanoy munting naratibo ni Marcos. May dalawang punto si Festin laban sa katwiran ni Aquino. Una, kahit inaamin ng historyograpiya na talagang hindi natin kayang makamtan nang buong-buo ang historikal na katutuhanan, hindi dapat kalimutan ng bawat historyador ang kanyang tungkuling maging tapat at mabusisi sa paggamit ng lahat ng datos na kaya niyang kalapin. Iginiit ni Festin na ang pagbigay katuwiran ni Aquino tungkol sa pagiging kuwalipikado ng yumaong diktador na mailuklok sa Libingan ng mga Bayani ay nakabatay sa pagpipitas ng mga paborableng datos lamang at pagbalewala sa mga datos na sumisigaw sa mga krimen at kasamaan ng nasabing diktador. Pangalawa, ipinaliwanag ni Festin na dating dambuhalang naratibo ang kuwento ng yumaong diktador at nilupig lamang ito ng mga munting naratibo noong panahon ng Rebolusyon sa EDSA. Ang pagluklok sa labi ng diktador sa Libingan ng mga Bayani ay pag-aangat sa nalupig nang naratibo para magiging dambuhala muli. Ayon kay Festin isang kawalan ito ng respeto para sa mga munting naratibo ng mga naging biktima ng karahasan noong diktaduriyang Marcos, at pati na sa naratibo ng ating bansa na noon ay winasakan ng mga istraktura at moralidad.

Naipakilala na natin si Maboloc sa unang bahagi ng papel na ito. Ang pinuna ni Festin ay ang kanyang 2017 at 2018 na mga sanaysay na "Situating the Mindanao Agenda in the Radical Politics of President Duterte" at "The Radical Politics of Nation-States: The Case of President Rodrigo Duterte." Walang problemang nakita si Festin sa paggamit ni Maboloc sa ideya ng radikal na politika nina Mouffe at Laclau. Ang kanyang nakitang problema ay ano nga ba talaga ang naidulot ng umanoy matatag na political will ng rehimeng Duterte at ng pangako nitong radikal na transpormasyon. Itinanong ni Festin kung nasaan ang tapang ni Duterte sa harap ng pambabastos sa atin ng bansang Tsina. Itinanong din ni Festin kung nasaan ang radikal na transpormasyon sa harap ng

pakipagsabwatan ni Duterte sa pamilyang Marcos, sa harap ng rumaragasang digmaan kontra druga na dapat ay natapos na sa loob lamang ng anim na buwan, at sa harap ng pambabastos ni Duterte sa kababaihang Pilipino. Malinaw na ang radikal na politika nina Mouffe at Laclau ay hindi naman talaga tungkol sa antagonismo at hindi pagkakasundo ng iba't ibang panlipunang panig, kung hindi tungkol sa pagsulong ng panlipunang transpormasyon. Kahit ang pambabastos at karahasang isinagawa ni Duterte sa kanyang mga kritiko ay labag sa radikal na politikang isinusuong nina Mouffe at Laclau.

Malinaw sa diskusyon ng papel na ito ang mga kabalitaktakan ni Festin ay mga Pilipinong pilosopo din na sina Abulad, Aquino, at Maboloc. Hindi kinalaban ni Festin ang mga pilosopong tinutungtungan ng tatlong pantas na ito, sa halip ay tinanggap niya ang mga kanluraning pilosopo, binasa nang mabuti at muling ginamit laban sa mga isinulat at sinabi ng tatlong tila maka-Duterteng Pilipinong pantas. Mahalagang banggitin na sinabi ni Festin sa email na pakikipanayam ng mga may-akda ng papel na ito na kahit pa maka-Duterte ang tatlong Pilipinong pantas na ito ay hindi nababawasan ang kanyang respeto sa kanila bilang mga pilosopong Pilipino.[22]

Ang mga pilosopo at intelektuwal na tinungtungan ni Festin sa kanyang pagsuri sa rehimeng Duterte ay sina: Santo Tomas de Aquino, pilosopo; Kant, pilosopo; Nietzsche, pilosopo; Martin Heidegger, pilosopo; Randolf Flores, iskolar sa bibliya; San Agustin de Hippo, pilosopo at teolohista; Rene Descartes, pilosopo; Collingwood, pilosopo; Wittgenstein, pilosopo; Lyotard, pilosopo; Mouffe, pilosopo; Laclau, pilosopo; at John Nery, peryodista at aktibista.

Kapag ang x-axis ng modipikadong spectrum ni Slomp ang pag-uusapan, ang dalawang sanaysay ni Festin tungkol sa rehimeng Duterte ay malinaw din na hindi sang-ayon sa kasalukuyang kalayagan ng bansa

---

[22] Raymun Festin, email message to author, May 4, 2021.

pati na napipintong pagdausdos nito pabalik sa karimlan ng diktaduriya, at nagnanais itong baguhin sa matiwasay na proseso. Ibig sabihin ay nasa liberal din na punto ng x-axis ang dalawang sanaysay. Kapag ang y-axis naman ang pinag-uusapan, ang nasabing dalawang sanaysay ay malinaw namang kumukontra sa walang habas na pagsasakripisyo ng rehimeng Duterte sa mga indibiduwal na buhay alang-alang sa estado. Ibig sabihin ay nasa libertaryang punto ng y-axis din ang dalawang sanaysay. Kaya masasabing ang kaubuuang ideolohikal na paninindigan ng dalawang sanaysay ni Festin ay liberal na libertaryan na kumukontra sa reaksiyonaryo o konserbatibong awtoritaryanismo ng rehimeng Duterte.

**Paglalagom/Kongklusyon**

Kapag ang mga sanaysay lamang ang pagbabatayan, lumalabas na maliban kay Maboloc ang lahat ng saklaw na pilosopong Pilipino ng papel na ito ay kritikal sa rehimeng Duterte. May tatlong motibong napansin ang papel na ito kumbakit sinuri ng limang pilosopo ang nasabing rehimen. Una ay ang propetikong motibo na nagtulak sa ilan sa kanila na magsulat kontra sa mali at kasamaang nariyan sa lipunan at umaasang maiwawasto ang mga ito. Sa Lumang Tipan ng Bibliya, ang mahalagang papel ng mga propeta ay hindi ang paghula sa kinabukasan, kung hindi ang matapang na pagpuna sa anumang kamalian at kasamaang umiiral sa kanilang lipunan, kahit na ang pagpunang ito ay tiyak na ikakagalit ng mga makapangyarihang indibiduwal ng nasabing lipunan. Matingkad ang motibong ito sa mga sanaysay nina Gaspar, Festin, at Imbong, at maski kay Maboloc. Ang imahen ng propeta ay binanggit nina Gaspar at Festin sa pakikipanayam na isinagawa ng mga may-akda. Pangalawa ay ang akademikong motibo na nagtulak sa ilan sa kanila na magsulat para isulong ang kanilang niyakap na pilosopiya. Matingkad ang motibong ito sa mga sanaysay nina Moboloc at Llanera. Pangatlo ay ang agonistikong motibo na nagtulak sa ilan sa kanila na magsulat para punahin ang ibang

naisulat na. Matingkad ang motibong ito sa mga sanaysay nina Festin at Imbong.

Malawak ang mga isyung sinuri ng limang pilosopong ito: ang pagkapanalo at patuloy na popularidad ni Duterte, ang prosesong pangkapayapaan, ang katuwirang inilahad ni Abulad para nasabing rehimen, ang pasismo ng nasabing rehimen, ang populismo ng mga tagasuporta ni Duterte, ang relihiyosong wikang ginamit sa pagbigay katuwiran sa rumaragasang giyera kontra druga, ang ugnayan ng mga extra judicial killing at etikang Pilipino, ang uri ng pamumuno ni Duterte, ang rebisyonistang naratibo tungkol sa yumaong diktador na Marcos, at ang umanoy suportang inilahad ni Maboloc sa nasabing rehimen.

Tungkol sa mga kabalitaktakang pilosopo at intelektuwal ng limang pilosopong Pilipinong saklaw ng papel na ito, ipinapkita sa talahanayan 3 na kakaunti lamang ang mga ito.

**Talahanayan 3:** *Mga Kabalitaktakang Pilosopo at Intelektuwal*

| Pilosopong Pilipino | Mga Pilosopong Pilipino | Mga Pilipinong Intelektuwal | Mga Banyagang Pilosopo | Mga Banyagang Intelektuwal |
|---|---|---|---|---|
| **Maboloc** | | | | |
| **Imbong** | Abulad | Bello | | |
| **Llanera** | | | | |
| **Gaspar** | | | | |
| **Festin** | Aquino<br>Abulad<br>Maboloc | | | |

Sa apat na pangalang nabanggit sa talahayan 3, lahat ng mga ito ay mga Pilipino, at tatlo sa apat na ito ay mga pilosopo. Ipinahiwatig ng talahanayan 3 na likas na hindi agonistiko at hindi kumprontasyunal ang tono ng pilosopiyang Pilipino kahit pa man napakainit na ng paksang pinag-uusapan.

Tungkol naman sa mga pilosopo at intelektuwal na tinutungtungan ng limang pilosopong Pilipinong saklaw ng papel na ito, ipinapakita sa talahanayan 4 ang mas maraming bilang ng mga pantas.

**Talahanayan 4:** *Mga Tinungtungang Pilosopo at Intelektuwal*

| Pilosopong Pilipino | Mga Pilosopong Pilipino | Mga Pilipinong Intelektuwal | Mga Banyagang Pilosopo | Mga Banyagang Intelektuwal |
|---|---|---|---|---|
| **Maboloc** | Gaspar, Pilario Miranda, Labastin | David, Teehankee, Curato, Constantino, Bello Quimpo | Mouffe, Laclau | Kusaka |
| **Imbong** | Festin | Quimpo | Habermas, Poulantzas, Agamben Badiou, Machiavelli | Amin, Thompson |
| **Llanera** | | David, Curato, Cornelio, Medina, Lacaba | Rorty | |
| **Gaspar** | | David, Tan, Maggay Rafael, Jacinto | Platon | MacDonald |
| **Festin** | | Flores, Nery | Tomas de Aquino, Kant, Nietzsche, Heidegger, Agustin de Hippo, Descartes, Collingwood, Wittgenstein, Lyotard, Mouffe, Laclau | |


Sa 43 na mga pangalang nabanggit sa talahanayan 4, 5 sa mga ito ay mga pilosopong Pilipino, 16 ay mga intelektuwal na Pilipino mula sa ibang disiplina, 18 ay mga banyagang pilosopo, at 4 ay mga banyagang intelektuwal mula sa ibang disiplina. Ipinapahiwatig ng talahanayan 4 na halos pantay ang bilang ng mga Pilipino at banyagang pantas na tinutungtungan ng limang pilosopong Pilipino. Ngunit sa mga Pilipinong pantas na ito ay sadyang mas marami ang nagmumula sa ibang displina

kaysa mga pilosopong Pilipino. Ipinapahiwatig din ng talahanayan 4 na mas umasa ang limang pilosopong Pilipino na saklaw ng papel na ito sa mga banyagang pilosopo kaysa mga pilosopong Pilipino.

Sa mga teksto ng limang pilosopong saklaw ng papel na ito at pati sa pakikipanayam ng mga may akda sa kanila, walang nakitang malinaw na dahilan kung bakit Bisaya ang kumpol ng mga pamimilosopiyang ito at hindi Tagalog na nakabase sa Kalakhang Maynila. Sa pakikipanayam, binanggit ni Festin na napapansin niyang ang politikal at etikal na pamimilosopiya ng mga Bisaya at Mindanawon na pantas ay "intellectually stimulating and enriching."[23] Binanggit naman ni Gaspar na kahit noong pahanon ng Batas Militar ay talagang mahirap nang hatakin ang mga pilosopo para sumali sa mga gawaing politikal noon.[24] Sinusugan ito ni Llanera na noong nasa Pilipinas pa siya ay napansin na niya ang pagiging apolitikal ng pilosopiyang Pilipino.[25] Sa palagay ng mga may-akda ng papel na ito, ang Bisayang kumpol na pamimilosopiya sa panahon ng rehimeng Duterte ay umusbong dahil sa excitement, pag-asa, at pagkabigong nilikha sa ilalim ng imahen ng Bisaya at Mindanawon na pangulo. Ang excitement, pag-asa, at pagkabigong ito ay ang pumukaw sa apolitikal na pangkahalatang tendensiya ng pilosopiyang Pilipino.

Ipinapakita ng pigura 6 ang iba't ibang ideolohikal na paninindigan ng limang pilosopong Pilipino sa kani-kanilang mga saklaw na sanaysay, pati na ang kabuuang ideolohiya ng rehimeng Duterte.

[23] Festin, email message.
[24] Gaspar, Zoom Interview.
[25] Tracy Llanera, Zoom Interview by F.P.A. Demeterio, May 4, 2021.




**Pigura 6:** Ang mga Ideolohiyang Politikal
ng Limang Pilosopong Pilipino at ng Rehimeng Duterte

Si Maboloc ang may pinakamalapit na ideolohikal na paninindigan sa nasabing rehimen, habang karamihan sa limang saklaw na pilosopong Pilipino ay may liberal na libertaryan na ideolohikal na paninindigan ay may moderatong ideolohikal na paninindigan ay sina Llanera at Maboloc.

Lahat sa limang pilosopong sinusuri ng papel na ito ay mapabibilang sa kritikal na diskurso ng pilosopiyang Pilipino na sumusuri sa mga politikal at pang-ekonomikong istraktura ng lipunang Pilipino. Ipinaglaban ng mga pilosopong ito ang mga marhinalisado at naaaping sektor ng lipunan. Kahit si Maboloc na tila nagbibigay lehitimasyon sa awtoritaryang rehimeng Duterte ay may askpeto din ng pagtaguyod sa kapakanan ng mga marhinalisado at naaaping sektor. Ang pagkukulang sa kritikal na pilosopiya ni Maboloc ay ang kanyang pananahimik sa lantarang pagyapak sa nasabing rehimen sa mga demokratikong istraktura ng bansa. Ang kritikal na pilosopiyang Pilipinong makikita sa mga obra ni Llanera ay nabubuo sa kanyang paggamit ng politikal at pang-ekonomikong mundo ng lipunang Pilipino para patalisin ang kanyang pagdidiskurso sa pilosopiya ni Rorty. Lahat ng limang pilosopong ito ay gumamit ng mga kanluring teorya para isulong ang kani-kanilang kritikal na pamimilosopiya. Kapansin-pansin na gumagamit na ang mga pilosopong ito ng mga tekstong gawa ng mga Pilipinong intelektuwal. Isa itong magandang landas para lalong mapaunlad ang pilosopiyang Pilipino at para hatakin ang kanluraning pamimilosopiya palapit sa mundo ng mga

Pilipino. Isa pang magandang pangitain ay ang diretsahang pakikibalitaktakan ng ilan sa mga pilosopo sa kapwa nila pilosopong Pilipino. Ang debateng pilosopikal na kontekstuwalisado sa sariling mundo ay isang mahalagang pagkukunan ng lakas para mapatalas ng mga pilosopong Pilipino ang kani-kanilang pagdidiskurso.

Lahat din sa limang pilosopong sinuri ng papel na ito ay mapabibilang sa diskurso ng pilosopiyang Pilipino na umaangkin/umaangkop ng mga banyagang teorya. Ang adhikain sa paggamit ng limang pilosopong ito ng mga banyagang teorya ay para mabigyan ng pilosopikal na lente ang kani-kanilang isinusulong na kritikal na diskurso. Pulido ang paggamit ng mga pilosopong ito sa kani-kanilang mga napiling banyagang teorya. Ngunit, tiyak na ikakagulat nina Mouffe at Laclau na ang kanilang teoryang binuo para isulong ang radikalisasyon ng demokrasya ay nagagamit pala para sa isang anti- demokratikong pagdidikurso, katulad ng ginawa ni Maboloc. Mahalagang linawin na sa proyekto ni Maboloc kung saan inilatag niya ang dahilan sa popularidad ng rehimeng Durterte ay pulido pa rin niyang inangkop ang teorya nina Mouffe at Laclau. Ang pagkukulang ni Maboloc ay ang hindi niya pagtingin sa anti-demokratikong epekto ng pagragasa ng rehimeng Duterte. Maaari din namang sabihin ninuman na hindi naaangkop ang paggamit sa isang makademokratikong pilosopiya para sa isang proyektong nagbibigay lehitimasyon sa isang awtoritaryang rehimen. Ngunit ang ganitong pahayag ay puwedeng gawing paksa para sa isang hiwalay na sanaysay. Medyo naiiba rin ang pag-angkin/pag-angkop na ginawa ni Llanera, dahil sa kanyang diasporikong katayuan ay hindi naman talaga makabuluhan ang kategoryang kanluranin. Ang mas inangkop ni Llanera ay ang politikal na mga usapin na umusbong sa ilalim ng rehimeng Duterte para ibangga niya sa kasalukuyang kaalaman tungkol sa kaisipan ng kanyang tinatalakay na pilosopong si Rorty. Ang paggamit ng mga banyagang teorya ay hindi dapat mamaliitin ng mga maka Pilipinong pilosopo dahil kahit noon pa man ay walang kinikilalang heograpikong border ang pamimilosopiya. Kapag hiniram, o inangkin, o

inangkop, ng tama ang isang banyagang teorya para sa isang makabuluhang pilosopikal na gawain, katulad ng ginawa ng limang pilosopo, ay magdudulot ito ng kaunlaran para sa pilosopiyang Pilipino. Lalo na at sinasabayan ang mga panghihiram, pang-aaking, at pang-aangkop na ito ng marami-rami ding teksto mula sa mga Pilipinong intelektuwal.

Tatlo sa limang napiling pilosopong Pilipino, sina Imbong, Llanera, at Festin, ang napabibilang sa diskurso ng pilosopiyang Pilipino na sumusuri sa mga kaisipan ng mga kapwa pilosopong Pilipino at intelektuwal. Antagonistiko ang pagsuri ni Imbong sa teksto ni Abulad, at antagonistiko din ang pagsuri ni Festin sa mga teksto nina Abulad, Aquino, at Maboloc. Simpatetiko naman ang pagsuri ni Llanera sa mga teksto ni David. Ang antagonistikong pagdidiskursong pilosopikal ay may mataas na tsansang maging umpisa ng isang pilosopikal na debate na magpapatalas ng pamimilosopiya. Sa pagpapahalaga ng mga Pilipino sa smooth interpersonal relationship, bihira ang antagoniskong pagdidiskurso sa pilosopiyang Pilipino. Sana ay matutunan ng mga pilosopong Pilipino at mga Pilipinong mag-aaral sa pilosopiya na hindi mapipikon sa ganitong uri ng pamimilosopiya. Kahit pa man namayapa na si Abulad ay sana mayroong ilan sa kanyang mga tagasunod ang magsusulat para sa kanyang pananaw tungkol sa rehimeng Duterte. Ang pagsusuri sa mga kaisipan ng mga pilosopong Pilipino at intelektuwal ay mahalaga para sa pagpapaunlad ng pilosopiyang Pilipino sa puntong nagbibigay ito ng mga materyales para mas madaling aralin ang kaisipan ng ating mga pilosopo at intelektuwal, at sa puntong inilalagay nito sa mainstream ang mga naisulat na ng ating mga pilosopo at intelektuwal.

Isa sa napiling limang pilosopo, si Gaspar, ang napabilang sa diskurso ng pilosopiyang Pilipino na sumusuri sa etika at mga sistema ng pagpapahalaga ng mga Pilipino. Ang adhikain niya ay para tugunan ang isang katanungang madalas bumabagabag sa atin: bakit talamak ang imoralidad sa bansa gayong kilala ang mga Pilipino bilang mga

napakarelihiyosong tao? Para tugunan ang ganitong katanungan ay binalikan niya ang etika at sistemang moral ng mga katutubong Pilipino na hindi pa lubusang nabahiran ng sistema ng pagpapahalaga ng Kristiyanismo o Islam. Antropolohikal ang datos at metodo ni Gaspar. Ngunit ginamit niya ang mga ito para isulong ang kanyang mas malawak na proyektong napabibilang sa kritikal na diskurso ng pilosopiyang Pilipino. Kahit antropolohikal ang datos at metodo ni Gaspar sa pagsusuri niya sa etika at mga sistema ng pagpapahalaga ng mga katutubong Pilipino, mahalaga ang ganitong gawain para mabuo ang isang mas pilosopikal na pagdidiskurso tungkol sa etikang makabuluhan para sa atin. Halimbawa, ang punto ni Gaspar na para sa mga sinaunang Pilipino magkakahiwalay ang etikal na pag-iisip at relihiyosong damdamin ay isang mahalagang prinsipyo na magagamit natin para buoin ang isang Pilipinong etika. Isa pang halimbawa, ang punto ni Gaspar na may likas na etika ang sinaunang pamumuno sa bansa ay isa ring mahalagang batis para buoin ang isang Pilipinong etika para sa pamumuno at politika.

Isa sa napiling limang pilosopo, si Gaspar pa rin, ay napabilang sa diskurso ng pilosopiyang Pilipino na gumagamit ng mga katutubong teorya at konsepto. Ang adhikain niya ay para makabuo ng katutubong pagkilatis sa uri ng pamumunong ipinamalas ng rehimeng Duterte. Humugot siya ng mga prinsipyo at pamantayan mula sa mga idealisadong modelo ng pamumuno ng mga mga katutubong Pilipino na hindi pa lubusang nabahiran ng sistema ng pagpapahalaga ng Kristiyanismo o Islam. Antropolohikal pa rin ang datos at metodo ni Gaspar, at ginamit niya rin ang mga ito para isulong ang kanyang mas malawak na proyektong napabibilang sa kritikal na diskurso ng pilosopiyang Pilipino. Ang paggamit ng mga katutubong teorya at konsepto ay isa mga pangarap na landas ni Emerita Quito para sa pagpapaunlad ng pilosopiyang Pilipino. Pero mahirap na landas ito at kadalasang nauuwi sa sapilitang pagdidiskurso gamit ang iilang katutubong konseptong kung saan-saan napulot. Madali at malinis itong nagawa ni Gaspar dahil malalim

at malawak ang kanyang antropolohikal na kaalaman sa ilang lipunang lumad ng Mindanao.

Isa sa napiling limang pilosopo, si Llanera, ay napapabilang sa diskurso ng pilosopiyang Pilipino na nagrerebisa sa mga banyagang pilosopikal na teorya. Ginamit ni Llanera ang ilang politikal na mga usapin na umusbong sa ilalim ng rehimeng Duterte para ibangga sa kasalukuyang kaalaman tungkol sa kaisipan ni Rorty at makalikha ng bagong interpretasyon. Ang pagrebisa sa mga banyagang pilosopikal na teorya ay isa sa mga pangarap na landas ni Rolando Gripaldo para sa pagpapaunlad ng pilosopiyang Pilipino. Dito dapat patungo ang paulit-ulit at madalas ginagawa ng mga Pilipinong guro at mag-aaral sa pilosopiya, na walang iba kung hindi ang diskurso ng pilosopiyang Pilipino na nagsasalaysay ng mga banyagang pilosopikal na sistema. Dahil sa kanyang pagpakadalubhasa sa kaisipan ni Rorty, nagawa ni Llanerang makapag-ambag ng bagong interpretasyon tungkol sa kanyang tinutukan na kanluraning pilosopo. Mahirap na gawain ito at magsisilbing modelo at padron si Llanera para sa mga Pilipinong guro at mag-aaral na gustong isulong ang ganitong diskurso ng pilosopiyang Pilipino.

Ang pamimilosopiya ng limang napiling pilosopo tungkol sa rehimeng Duterte ay sumasaklaw sa anim sa 12 na mga diskurso ng pilosopiyang Pilipino. Malawak-lawak rin ang saklaw ng pilosopiyang Pilipinong nilikha ng rehimeng ito.

Umaasa ang mga may-akda na sa pamamagitan ng pagpapakilala ng papel na ito sa limang pilosopong Pilipinong matapang namimilosopiya sa panahon ng rehimeng Durterte at tungkol mismo sa nasabing rehimen ay mas marami pang pilosopong Pilipinong magkaroon din ng interes at lakas nang loob na sumipat sa kasalukuyang politikal at moral na mga usaping bumabagabag sa ating bansa. Tungkol naman sa mga pilosopikal na pananaliksik, inirerekomenda ng mga may-akda na tingnan pa rin iyong mga pilosopong Pilipino na may sanaysay tungkol sa

rehimeng Duterte na hindi naisama sa saklaw ng pag-aaral na ito. Maaaring tingnan din iyong mga sulatin na nasa mga diyaryo at piryodiko.

**SANGGUNIAN**


Abulad, Romualdo. "Why President Duterte Could be Correct." *King's Clarion*. (Christ the King Seminary, Quezon City: June 2016-2017).

Demeterio, F. P. A. "Status of and Directions for 'Filipino Philosophy' in Zialcita, Timbrez, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co." *Φιλοσοφια: International Journal of Philosophy* 14, no. 2 (2013): 211-212.

__________. "Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy." *Hinogwa: The Holy Rosary Seminary Journal* 8. no. 2 (March 2003): 1-35.

__________. *Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines: Isang Pag-aaral sa mga Piling Pahayag mula sa Limang Panahon ng Kontemporaryong Eklesiastiko-Politikal na Kasaysayan ng Pilipinas.* Manila: De La Salle University Publishing House. 2012.

Festin, Raymun J. "Duterte, Kant, And Philosophy." *PHAVISMINDA Journal* 16 & 17 (May 2018): 61-96.

__________. "Reality, History, and Interpretation: A Historico-Philosophical Reading of Marcos's and Duterte's Narratives." *PHAVISMINDA Journal* 19 (2020): 1-56.

Gaspar, Karl. "The Interface of Social Ethics and Human Rights in The Philippines Today." *Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy* 2, no. 1 (2016): 1-31.

__________. "An Attempt at Dissecting the Presidency of Rodrigo Roa Duterte: A Very Personal View." *Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy* (2018): 1-30.

Imbong, Regletto Aldrich D. "Duterte and the Deliberative Politics of Peace Building in the Philippines: Prospects and Challenges." *Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy* Special Issue (2018): 81-100.

__________. "Abulad's Post-Machiavelli and his Apology for Duterte." *PHAVISMINDA Journal* Special Issue (2019): 77–99.

__________. "The Fascist Regime: The Rise, Development, and Stabilization of Fascism in the Philippines." *Philippine Political Science Association* (2020):30-59.

Llanera, "'The Law of The Land Has God's Anointing'— Rorty on Religion, Language, And Politics." *Pragmatism Today* 10, no. 1 (2019): 46-61. https://bit.ly/3fFW2tp.

Llanera, Tracy and Marvinne de Guzman. "The "Sinners" and Victims of Duterte's War on Drugs." New Naratif. October 5, 2019. https://bit.ly/3wvGlvq.

Llanera, Tracy. "Ethnocentrism: Lessons from Richard Rorty to Randy David." *Philippine Sociological Review* 65 (2017): 133-149. Accessed April 24, 2021. http://www.jstor.org/stable/45014312.

Maboloc, Christopher Ryan B. "Curriculum Vitae," *Academia*. Accessed May 4, 2021, https://addu.academia.edu/ChristopherRyanMaboloc/CurriculumVitae

__________. "Situating the Mindanao agenda in the Radical Politics of President duterte." *Iqra: Journal of the Al Qalam Institute for Islamic Identities and Dialogue in Southeast Asia* 4 (2017): 3-24.

__________. "Fighting the Oligarchs: President Duterte and the Argument Against Elite Rule–A Perspective from the Academe." *MALIM: JURNAL PENGAJIAN UMUM ASIA TENGGARA (SEA Journal of General Studies)* 21 (2020), 173-174.

__________. "President Rodrigo Duterte and the Birth of Radical Democracy in the Philippines." *International Journal of Politics and Security* 2, no. 3 (2019): 116-134.

__________. "The Predatory State and Duterte’s Radical Politics: The Case of the Philippines." *Journal of ASEAN Studies* 7, no. 2 (2019): 162-175.

__________. "The radical politics of nation-states: The case of President Rodrigo Duterte." *Journal of ASEAN Studies* 6, no. 1 (2018): 82-96.

__________. “Between Radical Politics and Dutertismo: A Reply to Critics.” *Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy* 5, no. 1 (April 2019): 1-18.

__________. “Radical Democracy as The Face of Defiance Against Elite Rule.” *European Journal of Research* 1 (January 2019): 104-116.

Pavo, R. R., Asisclo III M. Abonado, and April Dan S. Borromeo. “Rodrigo Duterte’s Leadership through the Lens of Plato’s ‘Philosophy King.’” *ARETE* 5, no. 1 (2017). http://ejournals.ph/form/cite.php?id=13778, 29.

Slomp Hans, *European Politics into the Twenty-First Century*. Westport, CT: Praeger. 2000.